Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
**MIMAROPA Region**

OCT 0 1 2021

**GNG. TRINIDAD M. GOMEZ**
Langeblangeban, Aberawan
El Nido, Palawan
*(gomezrheaglenda@gmail.com)*

Gng. Gomez,

*Isang makakalikasang araw!*

Natanggap po namin ang inyong sulatronikong may mga petsang July 8, 2021, September 24 at 27, 2021. May sulatroniko rin pong may mga petsang July 7, 2021 at July 20, 2021 na ini-refer sa amin ng DENR Action Center. May ni-refer din po sa aming sulatronikong may mga petsang April 20, 2021 at June 28, 2021 ang Office of the President – Presidential Action Center. Mayroon din pong copy furnish na liham na may petsang August 12, 2021 ang aming natanggap.

Narito po ang mga naging aksyon ng aming opisina patungkol sa inyong mga hinaing:

1. Nabanggit na po ni dating OIC, Regional Director Natividad Y. Bernardino sa kanyang liham na may petsang **Oktubre 4, 2017** para kay G. Roger P. Gomez Sr. na ang Lot 121 ay na-isyuhan na ng Decree No. 137864 at maituturing ng pribadong lupa. Sa kadahilanang ito, inabisuhan po si G. Gomez na kumuha ng pribadong Geodetic Engineer upang magsagawa ng re-survey ng nasabing lupa at mag-sumite ng kompletong survey returns dito sa opisina para sa aming verification at approval.

   - Ayon po sa aming records, napadalhan po kayo ng aming tugon na may petsang **Hulyo 29, 2021** na nagsasaad ng mga sumusunod:

     *"Nais po naming ipahatid sa inyo na ayon sa isinagawang beripikasyon ng aming opisina, ang nasabing plano ay na withdraw na ni Engr. Zalbadica noong ika-4 ng Hunyo, 2021 at ang pagproseso nito ay kasalukuyang nakabinbin sa mga kadahilanan na sumusunod:*

     *1. Sertipikadong kopya ng titulo mula sa Register of Deeds;*
     *2. Pagsasaayos ng preperasyon(sic) ng Survey Plan.*

     *Ang mga nabanggit na mga kakulangang dokumento ay dapat maisumite ni Engr. Zalbadica sa loob ng animnapong araw (60) upang maiproseso ang pag aproba ng nasabing plano at hindi makansela."*

2. Sa inyong sulatronikong may petsang September 24, 2021, nabanggit po ninyo na hindi kayo nakakuha ng *"Quasi-Judicial Court Order na pinakamahalagang obligasyon ng DENR Central Office bilang pagwawakas sa kasong isinampa noong November 18, 2014 xxx"*

   - Ito po ay paulit-ulit na naming nabigyan ng katugunan. Sa katunayan, kalakip po rito ang aming liham na may petsang **December 12, 2019** at **December 14, 2020** na may ganitong nilalaman:

     *"Mapatutunayan naman po na noon pang nakaraang taon, 2018, ay naabisuhan na kayo ng aming opisina na hindi na kailangan ang formal*


1515 L & S Building, Roxas Boulevard, Ermita, Manila 1000
DENR VOIP (632) 82483367/82483468/82493367 local 2717 (Regional Executive Director); 2709 (Legal Division)
Direct Line: (632) 84050157
Email: mimaroparegion@denr.gov.ph; denr4blegal@gmail.com

*investigation/hearing o pag-isyu ng quasi-judicial order sapagkat ang inyong susunod na hakbang ay ang pag-dulog na sa korte.*

*Makikita po na naka-dulog na sa MCTC El Nido-Linapacan, El Nido, Palawan ang inyong kaso. Kung ano man ang re-setting sa petsa ng inyong mga pagdinig ay nasa kamay na ito ng nasabing korte. Hindi na po saklaw o walang kapangyarihan ang aming Opisina patungkol sa re-setting ng pagdinig sa inyong kaso sa MCTC."*

- Batay po sa aming mga records at sa inyong mga ipinadalang liham, ang kaso sa Municipal Circuit Trial Court (MCTC) El Nido-Linapacan, El Nido, Palawan ay **Civil Case No. 233** - *"Heirs of Sps. Ricardo Gomez & Epifania P. Gomez, Sr. Namely: Roger P. Gomez, Sr. et.al., Plaintiffs -versus- Sps. Arnel G. Tomayosa & Anna May G. Tomayosa & Diana Gabuat-Manlavi, Defendants"* para sa "Recovery of Ownership & Possession As An Attribute of Ownership, W/ Prayer for a Writ of Preliminary Mandatory Injunction w/ Damages". Sana po ay mabigyang impormasyon ang aming opisina kung may desisyon o order na idineklarang final and executory sa nasabing kaso.

3. Ang inyo naman pong sulatronikong may petsang September 27, 2021 ay nagsasabing *"xxx hindi iyong wala man lang natatanggap na email na ipinapadala ko sa inyo kaya nagpupumilit ang MALACANANG at DENR CENTRAL OFFICE MALAPANG HUKUMAN at sagutin naman ninyo dahil ang kasong ito ay magtatapos sa administrative case."*

- Ang amin pong mga tugon ay ipinadala sa pamamagitan ng registered mail na may kalakip na return card. Dahil dito, amin pong mabeberipika kung "*natanggap, lumipat, hindi kilala sa nabanggit na adres, o return to sender*" ang taong pinadalhan ng aming liham. Ang pahatirang-adres po na inyong ibinigay sa amin ay *"Langeblangeban, Aberawan, El Nido, Palawan"* Hindi po ito kailanman naging hadlang upang maiparating namin ang mga naunang tugon ng aming opisina. Katunayan, may isa pa kaming pahatirang-adres na nakita sa mga records – "*67-C Bansalangin St. Veterans Village, Project 7, Quezon City*". Pareho po namin itong pinadalhan subalit ang nakalagay sa bumalik na liham para sa nasabing pahatirang-adres sa Quezon City ay *"No one to received(sic)"*.

  Sa kasalukuyan, ang inyo pong pagpapadala ng mga sulatroniko ay gamit ang account ni *"gomezrheaglenda@gmail.com"*. Ito rin po ay padadalhan namin ng aming katugunan.

Nawa'y naliwanagan po kayo sa aming paliwanag.

Lubos na gumagalang,

**MARIA LOURDES G. FERRER,** *CESO III*
Regional Executive Director

*Copy furnished:*

*Jaime Llaguno Mabilin*
*Director IV*
*Office of the President – Presidential Action Center*
*Bahay Ugnayan, Jose P. Laurel Street, Malacañang, Manila*
*Related Code No. PCC-CYR-06-28-2021-051;*
*PCC Code No. GL-NEM-10-12-2020-062;*
*PCC Code No. WG-FCG-02-02-2018-033;*
*PCC Code No. WG-JCA-12-11-2019-56;*
*PCC Code No. WG-FCG-02-02-2018-033;*
*PCC Code No. WG-BEC-09-20-2017-053*
*(pcc@malacanang.gov.ph)*

*The Head Executive Assistant*
*DENR Central Office*
*(ohea.denr@gmail.com)*

*DENR Action Center*
*(actioncenter@denr.gov.ph)*
*(denr@8888.gov.ph)*

*The Assistant Secretary for Field Operations – Luzon*
*Related Code Nos. DENR CO-ASRMD-2019-015647;*
*DENRCO-ASRMD-2019-018334;*
*DENRCO-ASRMD-2019-000090;*
*ASRMD-2018-0006078;*
*ASRMD-2018-0000453;*
*ASRMD-2018-0006076;*
*ASRMD-2018-0003680;*
*ASRMD-2018-0007760*
*Document Tracking RMDD-0273636*
*(asecfosl.denr@yahoo.com)*

*The Assistant Regional Director for Technical Services*

*Surveys and Mapping Division*

Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
Doc ID: 70251

ARD-MS/LD